**Si Iking Pasaway**

Pinatayo, umupo
Pinatigil, di huminto
Pinalayo, lumapit
Pinahawak, di kumapit.
Pinadapa, humiga
Pinapirmi, gumala-gala.
Pinatahimik, nag-ingay
Pinatahan, umiyak, todo-bigay.

Pinangiti, sumimangot
Inaliw, nabagot
Pinagluto, di kumain
Pinatulog, di nahimbing.
Pinayuhan, nagtampo
Pinag-aral, naglaro
Pinagalitan, tumahimik
Nang papaluin, yumakap
humalik.
Hay,hay! Kay husay,
Lusot si Iking Pasaway!

**Hapong Mainit**

Tulog ka na ba?
Bubuksan ko ang isang mata
Sisilip lang,
Kung nagbabantay ka.
Sabay biglang
Sara!

Makapal ang hangin,
nakanganga si tagpi,
nakahilata si muning.

Binibilang ko sa isip
Ang gumagapang na init
na tinatangay pero bumabalik
ng bawat paypay mo sa'kin.

Gising ka pa ba?
Naniningkit ang aking mata
Habang inaaninag kung inaakala mong
Himbing ako't nananaginip
Ng barko sa dagat
at eroplano sa langit
Kung saan ko isasakay si tagpi at si muning
Pati ikaw, nanay, kung di ka magagalit
Na ako'y nakamulat
at nauna kang nakatulog,
Ngayong hapong mainit.

**Si Mamaya**

Hindi si bukas o si makalawa
Si Mamaya talaga,
Ang pinakamatagal na paghihintay.

Tulad ng sabi ni Nanay,
minsang nagpaalam akong maglalakwatsa
"Mamaya na. Magwalis-walis ka muna."

"Tumatakas si Mamaya
Habang pilit kong binilisan
Ang pagwalis sa alikabok
na pilit ding umaalpas
sa hawak kong daspan.

O di kaya naman gaya,
Noong minsang nagpaalam
maglalaro ng Dota;
"Mamaya na. Mag-aral ka muna."
hinahabol ko ang mga salitang
nakikipag-unahan sa aking mga mata,
kasabay si Mamaya
pumuslit kasama ng sagot at pormula.

Kaya noong sabihan
Matulog ka sa hapon,
Ang paglaki ay bilisan,
Agad kong isinangkalan
"Mamaya na, nanay"
Si Mamaya na.

**Haytayd**

Tanaw ko sa bintana,
Ang limang mga bata
Masasaya at basa
Nakalusong sa baha.

Habang lulutang-lutang
Ang apat na basurang
Kunwa'y laru-laruan,
Pasahan at agawan.

Bigla, may tatlong alon
May dyip pa-Malabon
Umanod,lumamon
Sa basurang inipon.

Saka umalingawngaw,

Dalawang mga sigaw
Galit na mga nanay
Ngitngit sa pananaway.

ako sa may bintana,
isang batang kawawa
Gusto mang makisama,
Bawal daw sa may baha.

**Habang Nakaupo at Naghihintay**

Habang nakaupo at naghihintay,
Huwag mong ubusin ang kuko sa kamay,
himayin natin ang langit nang sabay
pitasin ang buwang ngayo’y gasuklay.
pagkatapos, ngasabin dilim ng papawirin,
isama na ang ibon, eroplano at bituin
Dumakot ng aspalto, semento at putik
Pati ang dumadaang bus, taxi at jeep
saka kanawin sa malamig na tubig
ng malalim na dagat ng pananabik
sapagkat nakagugutom
ang pag-aabang
at nakauuhaw
ang pagkainip
pero nakalilibang
ang pagkain gamit
ang isip.

**Bukas**

Sa harap ng kahon,
Sa gitna ng silid
Sa tagong sulok,
Ng munting tahanan,
Sa maliit na eskinita
ng ‘di kilalang sitio
sa gilid ng puso
ng malaki-laki naming bayan,
nakatayo si Pepe
Pabuntung-hiningang pinagmumunian
Kung dapat bang silipin
Kung totoong sa kaloob-looban
Ng kahon sa kanyang harapan,
may nakatagong tiyanak
o nananakmal na aswang,
sampu ng di mabilang
kagila-gilalas na nilalang.

Samantala,
sa gilid ng puso
ng malaki-laking bayan
Sa isang di kilalang sitio,
Sa mumunting eskinita
Sa maliit na tahanan,
Sa isang tagong sulok
Sa gitna ng silid
Sa loob ng kahon;
Nakatingala naman si Pepe
Pabuntong-hiningang
Iniisip kung sa labas ng kinalalagyan
May naglipanang
Walis tambo, hanger, sinturon
At nanggagaliiting nanay.

**Pingkaw**

Habilin ni nanay,
Kapag may barya sa kamay
Huwag paglaruan;
Ingatan at igalang.

Baka raw magtampo,
Ang bayani sa piso
Gumulong sa daan,
Tumalilis ng takbo.

Kung hindi mapigilan
Matama raw pag-isipan
Ang nangyari kay Tinay
Napingkaw ang kamay.

Ang di ko lang malaman
Ang batang inabutan,
Pisong pinalimos,
Pinusta sa cara y cruz.

**Guhit ni Mommy**

Nagalit si mommy,
Nang ang guhit sa dingding
Nilagyan ko ng ulo, kamay at binti.
Nagkatawang unggoy
na pumipitas ng saging.
Naglambitin sa dawag
Nagpunta sa piging,
Nakipagsosyalan sa langgam;
Nakipaghuntahan sa kuliglig.
Nang malasing sa tawa
Tulog nang mahimbing
Iniwan mag-isa,
Gulat nang magising.
Hinanap ang piling
Naglaho na sa hangin
nagbalik sa guhit
na iginuhit na dati
sa silid niya noon,
na ngayon ay akin,
na siya ring ikinagalit
ng    Mama n'ya kay mommy.

**Maglaro Tayo**

Alin-alin, ano-ano,
Sa mga salitang ito
Ang pasaway
Di kabilang grupo:

Saan
Kalian
Paano
Dito.

Tayo
Upo
Takbo
Hinto.

Isa
Sampu
Lima
Maglalaro

Bulaklak
Punla
Tara
Bata.

**Bu bu bu!**

Nan ma-stroke si lolo,
Hindi na s'ya nagkuwento
Nang tinanong ko minsan
Kung anong nangyari
Sa bakulaw-dagat
Na nilansi nila't hinuli;
Ang sinabi niya,
"Bu bu bu bu!"

Maging nang hanapin ko
Ang mahiwagang pulseras
Na sinubok agawin
Ng piratang pangahas,
Tumitig siya sa akin
Kanya lang nabulalas,
"Bu bu bu bu!"

Pati ang barko,
At mga kasamang mandaragat, mga along maalat
At mga bagyong pahamak
Hindi na naikwento.
Ang sabi,
"Bu bu bu bu!"

Kaya nang minsan pang sinabi,
Ako na ang nag-abang
Bago pa wikain,
Ako na ang sumigaw,
"Bu bu bu bu!"
Sa mga bago naming pakikipagsapalaran.